# 9H: TSART NG KUTSARA

Maraming iba't ibang uri ng kutsara na may iba't ibang hugis, sukat, estilo, at materyal. Anuman ang uri ng kutsarang pinipili, kailangang tumugma ito sa laki at hugis ng bibig ng bata, at ang mga pangangailangang *developmental* niya.

## ANATOMIYA NG KUTSARA: MGA BAHAGI NG KUTSARA




## TSART NA NAGHAHAMBING NG MGA KUTSARA

| MGA URI NG KUTSARA | MGA BENTAHE | MGA DISBENTAHE |
|---|---|---|
| Malapad na Uka | ○ Mas maraming pagkain ang kayang ilaman | ○ Madalas na masyadong malaki para sa bibig ng maliit na bata<br>○ Mahirap na isara ang bibig sa palibot nito para alisin ang pagkain |
| Makitid na Uka | ○ Madalas na mas maayos ang sukat para sa bibig ng maliit na bata<br>○ Mas madaling isara ang bibig sa palibot nito para alisin ang pagkain | ○ Mas kaunting pagkain ang kayang ilaman |
| Malalim na Uka | ○ Mas maraming pagkain ang kayang ilaman<br>○ Maayos ang pagkakapirmi ng pagkain sa kutsara | ○ Nangangailangan na mas pagsikapan at mas may kakayahan para maalis ang pagkain mula sa uka |
| Mababaw na Uka | ○ Mas kaunting pagsisikap at kakayahan ang kailangan para maalis ang pagkain mula sa uka | ○ Mas kaunting pagkain ang nailalaman<br>○ Mas madaling mahulog ang pagkain |
| Mahabang Hawakan | ○ Mas madaling hawakan ng tagapangalaga kapag sila ang nagpapakain<br>○ Mas hindi nakakapagod na hawakan ng tagapangalaga | ○ Mas mahirap hawakan ng bata kapag sila ang nagpapakain<br>○ Mas nakakapagod na hawakan ng bata<br>○ Mas mahirap na itutok sa bibig para sa pagkain |
| Maigsing Hawakan | ○ Mas madaling hawakan ng bata kapag sila ang nagpapakain<br>○ Mas hindi nakakapagod na hawakan ng bata<br>○ Mas madaling itutok sa bibig para sa pagkain | ○ Mas mahirap hawakan ng tagapangalaga kapag sila ang nagpapakain<br>○ Mas nakakapagod na hawakan ng tagapangalaga |
| Bakal | ○ Mas matibay<br>○ Mas madaling hanapin | ○ Malamig at matigas, kaya nakakaasiwa sa mga batang may sensitibong bibig<br>○ Mas mabigat hawakan<br>○ Maaaring makapinsala ng ngipin at gilagid ng bata<br>○ Madalas na masyadong malaki para sa mga bata |
| Plastik | ○ Mas magaan, mas madali at mas hindi nakapapagod na hawakan<br>○ Mas hindi nakaaasiwa para sa mga sensitibong bata<br>○ Mas hindi maaaring makapinsala sa ngipin at gilagid ng bata | ○ Mas marupok<br>○ Maaaring delikado kapag kinagat ng mga batang malakas ang *reflex* sa pagkagat |